Opportunities Ontario: Programa Para sa Probinsiyal na Kandidato
(Provincial Nominee Program)
Impormasyon Para sa mga International Student

Ang mga imigrante ay nagdadala ng mahalagang mga kakayahan at kaalaman sa labour market sa Ontario, tumutulong sa ekonomiya ng probinsiya at ginagawa ang Ontario bilang isang piniling destinasyon sa buong mundo.

Ang pamahalaang pederal at probinsiyal ay may ginagampanang tungkulin sa imigrasyon. Ang Pamahalaan ng Ontario, sa pamamagitan ng Programang Opportunities Ontario, ay mamimili at magmumungkahi ng mga indibidwal sa pamahalaang pederal para sa permanent resident status. Ang lahat ng permanent resident visa para sa Canada ay pinoproseso at inaaprubahan ng Pamahalaan ng Canada ng Citizenship and Immigration Canada (CIC).

Ginawang mas madali ng Ministry of Citizenship and Immigration ng Ontario para sa international students sa Canada na magkaroon ng permanent resident status sa Ontario**.** Ang mga mandatoryong hinihingi:

- Dapat ay nagtapós ka, o dapat ay nasa huling semestre ka ng isang diploma o degree program sa isang kwalipikadong institusyon sa Canada. Ang ilang certificate programs ay kwalipikado rin (halimbawa, post-graduate certificates)
- Dapat ay kinompleto mo ang kalahati man lamang ng iyong programa sa Canada.
- Dapat ay mayroon kang isang permanenteg, full-time job offer na nasa A, B, o kaya 0 na kategoriya ng National Occupation Classification index.

Ang proseso ng aplikasyon para sa Opportunities Ontario ay ang mga sumusunod:

Hakbang 1: Ang employer na nais mag-hire sa iyo ay magkukumpleto ng isang libreng pre-screen na aplikasyon para sa iyong partikular na job offer at isusumite ito sa Opportunities Ontario. Ang pormularyo ng pre-screen na aplikasyon ng employer ay matatagpuan sa aming MCI website. Kung inaprubahan ang iyong employer, siya ay makakatanggap ng isang nominee application package na ibibigay sa iyo.

Hakbang 2: Dapat mong kumpletuhin ang paketeng ito at isumite sa Opportunities Ontario na kasama ang bayad para sa aplikasyon. Ang bayad na ito ay maaari mo o ng iyong employer na bayaran.

Hakbang 3: Ipapaalam namin sa iyo ang desisyon sa pamamagitan ng sulat. Ang mga naaprubahang nominado ay kinakailangang mag-apply sa Citizenship and Immigration Canada (CIC) ng permanent resident status sa loob ng 6 na buwan magmula sa pagkakahirang bilang isang nominado.

Hakbang 4: Habang pinoproseso ang iyong aplikasyon para sa PR ng CIC, maaari ka nang magsimulang magtrabaho kung mayroon kang work permit. Maaari kang maging kwalipikado para sa isang post-graduation na work permit o sa isang Opportunities Ontario-based na work permit. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa temporaryong mga work permit, pakibisita lamang ang CIC website sa www.cic.gc.ca

Ang dokumentong ito ay magagamit sa 25 na iba't-ibang wika, kasama na ang Ingles at Pranses. Bagama't pinagsusumikapan naming siguraduhin ang kawastuan ng impormasyon, ang ilang mga detalye tungkol sa Opportunities Ontario ay maaaring magbago mula noong pagkalathala. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Opportunities Ontario, bisitahin ang website ng Ministry of Citizenship and Immigration (MCI) sa: www.OntarioImmigration.ca para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat at sa proseso ng aplikasyon.

Ang mga dokumento at serbisyo ng Opportunities Ontario, pati na rin ang mga impormasyon sa MCI website, ay magagamit lamang sa wikang Ingles at Pranses.

Mga ilang bagay na maari mong itanong:

1. Bakit bahagi ng programa ng Opportunities Ontario ang internasyonal na mga estudyante na pumapasok sa mga kolehiyo at unibersidad ng Canada?
Nais naming panatilihin ang mga pinakamagaling at pinakamatalinong international students na nag-train sa Canada upang magbigay sa Ontario ng kalamangan sa pandaigdigang ekonomiya.

2. Ano ang mga NOC 0, A, at B na skill level?
Ang NOC ay kumakatawan sa talatuntunan ng National Occupational Classification. Ang mga skill level 0, A at B ay mga pang-manedyer, pampropesyonal at mga trabahong nangangailangan ng skilled trades. Ang skill level sa hinihinging posisyon ng nominado ay isang mahalagang bahagi ng Opportunities Ontario sa pagtatantya ng aplikasyon ng employer. Maaari mong makita ang mga klasipikasyon ng NOC sa website na ito: http://www23.hrdc-drhc.gc.ca/2001/e/generic/welcome.shtml

3. Ako ay nasa huling panahon na ngayon ng aking pag-aaral- maaari ba akong mag-apply?

Oo- kung ikaw ay may isang permanenteng full-time job offer at ang iyong kasalukuyang employer ay nakahandang magsimula ng proseso sa Opportunities Ontario. Hindi ka maaaring mag-apply bago dumating ang iyong huling semestre.

4. Nais kong mag-apply subali't wala pa akong job offer - maaari ko pa rin bang simulan ang aplikasyon?
Hindi- kailangan mo ng isang job offer para maging kwalipikado sa programang ito. Ang iyong employer ang dapat magpasimula ng proseso sa Opportunities Ontario. Hindi ka maaaring mag-apply ng walang job offer.

5. Maaari ba akong tulungan ng Opportunities Ontario na humanap ng trabaho?
Ang Opportunities Ontario ay hindi tumutulong sa paghahanap ng trabaho o sa pagpapares ng isang employer para sa iyo. Maaari mong naisin na kontakin ang career services centre ng iyong paaralan para humingi ng tulong.

6. Palagay ko'y magiging interesado ang aking employer sa programang ito - saan ko sila maituturo para makakuha ng aplikasyon?
Ang Opportunities Ontario ay tumutulong sa mga employer sa Ontario na makahanap ng mga kinakailangan nilang mga skilled worker. Bago mo banggitin sa isang employer ang programang ito, siguraduhin mong pamilyar ka sa programa at ikaw ay kumpidente na masasagot mo ang anumang mga katanungan ng iyong employer. Repasuhin mo ang impormasyon para sa mga inaasahang employer sa aming website:
http://www.ontarioimmigration.ca/en/pnp/OI_PNPEMPLOYERS.html

7. Kailangan ko bang patunayan na ako ay mayroong isang taon na karanasan sa trabaho?
Hindi, hindi mo kailangang magkaroon ng karanasan sa trabaho para maging karapat-dapat sa programang ito. Hindi mo din kinakailangang kumuha ng pagsusuri para sa wika o masalubong ang sistema ng puntos para sa Pederal na imigrasyon.

8. Kung ako ay naka-enrol sa isang kolehiyo para sa isang kurso na may katumbas ng high school, maaari ba akong maging karapat-dapat para sa Opportunities Ontario?
Hindi. Ang mga indibidwal na naka-enrol sa mga kurso na katumbas ng high school o mga kurso para sa paghahanda sa unibersidad ay hindi kwalipikado para sa Opportunities Ontario. Kinakailangan na ikaw ay naka-enrol sa isang post-secondary institution na pinopondohan ng publiko at kung saan ikaw ay magtatapos ng may isang diploma o degree.

9. Anong diploma, degree, o mga certificate program ang kwalipikado para sa International Student na kategorya ng Opportunities Ontario?

Ang international students na nagtapós mula sa isang kwalipikadong kolehiyo o unibersidad sa Canada nang may dalawang-taong diploma o degree program man lamang, na natamo habang nag-aaral nang full-time, ay maaaring mag-apply sa Opportunities Ontario, kung mayroon silang aprubadong job offer. Ang isang taon na post graduate degree, diploma at mga certificate program, na nangangailangan ng naunang degree o diploma, ay kwalipikado din. Ang part-time na mga pag-aaral, preliminary o preparatory college certificate programs ay hindi kwalipikado. Ang mga programa para sa skilled trade certificate at mga continuing education na programa ay isasaalang-alang depende sa bawa't kaso.

10. Ano ang dapat kong status sa imigrasyon para mapatunayan na ako ay isang kwalipikadong international student?
Ang lahat ng estudyante na nag-aapply sa Opportunities Ontario ay kinakailangang may balidong study permit, o kung nag-aapply sa loob ng dalawang taon ng panahon ng pagtatapos, ay may katunayan ng dating study permit at/o kasalukuyang post-graduation work permit.

11. Ano ang itinuturing na isang permanenteng full-time na trabaho?
Ang permanenteng job offer ay isang tuluy-tuloy na trabaho sa isang posisyon na nakatalagang permanente at walang nakatakdang katapusang petsa. Isasaalang-alang ng Opportunities Ontario ang isang taong mga kontrata na maaring simulang muli para sa mga international student base sa sitwasyon ng bawa't kaso.

Ang full-time na trabaho ay binubuo ng 1,560 na oras ng trabahong may bayad sa loob ng 12 buwan. Ang mga sumusunod ay hindi tinuturing na full-time na trabaho, kahit na nagtrabaho ka ng 1,560 oras sa loob ng 12 buwan:

- Pana-panahon, paikot o part-time na mga empleyado, anuman ang mga oras ng trabaho
- Mga subcontractor o mga manggagawa sa ahensya
- Mga empleyadong hindi nagtatrabaho sa looban ng kumpanya, katulad ng mga empleyadong nagtatrabaho sa kanilang tahanan, o mga empleyadong nagtatrabaho sa "virtual" na lokasyon at naglilingkod sa taga-empleyo sa pamamagitan ng telecommuting.

12. Para maging karapat-dapat sa Opportunities Ontario, kailangan ko bang kumuha ng nararapat na rehistrasyon o trade certification kung ang aking trabaho o "skilled trade" ay regulated o nangangailangan ng sertipikasyon sa Ontario?
Oo. Upang maging kwalipikado sa Opportunities Ontario, kailangan mong kumuha ng nararapat na rehistrasyon o trade certification kung ang iyong hinahangad na trabaho ay regulated o nangangailangan ng sertipikasyon sa Ontario. Maraming mga pinapangasiwaang propesyon (regulated professions) at mga pangangalakal (trades) sa Ontario. Para sa impormasyon tungkol sa mga trabahong ito, mangyaring bisitahin ang aming **Useful Web Links** na seksyon.

Mangyaring pansinin na para sa mga ilang mga skilled trade, ang sertipikasyon ay maaaring maging boluntaryo o mandatoryo. Hihingiin lamang ng Opportunities Ontario sa iyo na kumuha ng sertipiko kung ang iyong skilled trade ay nangangailangan ng mandatoryong sertipikasyon. Para malaman kung ang iyong skilled trade ay nangangailangan ng boluntaryo o mandatoryong sertipikasyon, mangyaring bisitahin ang website ng **Ministry of Training, Colleges and Universities** (i-link sa (www.edu.gov.on.ca/eng/tcu/employmentontario/training/certification.html) na website.

13. Ano ang kailangang isama sa sulat para sa job offer?
Ang sulat para sa job offer ay nararapat na magpakita ng titulo ng iyong posisyon, ng sahod na iniaalok, ng iyong mga tungkulin sa trabaho at lokasyon ng pagtatrabahuhan, at pati na rin ang pagpapahayag na ito ay isang full-time na permanenteng trabaho.